8 Suporta sa edukasyon

(2) Scholarship

● **Scholarship na para sa mga mag-aaral na high school**

Mayroong ibinibigay na tulong ang perepaktura sa mag-aaral sa high school o vocational school na may matataas na grado ngunit may pinansiyal na problema. Ang mga kondisyon upang makahiram ng pera para sa pag-aaral at sa presyo ng perang maaring hiramin ay iba-iba bawat perepaktura. Upang maintindihan ang nilalaman ng sistema, makipag-ugnayan sa kasalukuyang pinapasukang paaralan.

●**Scholarship para sa mag-aaral sa junior college, special training school, at unibersidad**

Ang Japan Student Support Organization ay nagbibigay ng scholarship para sa mga mag-aaral sa junior college, special training school, unibersidad at iba pa. Ang kondisyon sa pagpapahiram ng pera at ang panahon kung kailan ito kailangan ibalik ay iba-iba bawat estudyante. Mayroon din itong dalawang uri: ang may interest at ang walang interest. Para sa karagdagang detalye, makipag-sangguni sa sanggunian ng scholarship ng paaralang pinapasukan

●**Scholarship para sa mga estudyanteng dayuhan**

Mayroong scholarship para sa mga estudyanteng dayuhan na galing sa Pamahalaan ng Japan (Ministro ng Edukasyon o monbukagakushou), Japan Student Support Organization, iba’t-ibang samahan at asosasyon ng international relations o kokusai kouryuukai kung tawagin. Ang listahan ng mga nabanggit ay makikita sa handbook na ipinagkakaloob ng Japan Student Support Organization na tinatawag na “Japan Scholarship Pamphlet”

http://www.jasso.go.jp/study_j/scholarships_sfisij.html

●Scholarship

Pinagkakalooban	Scholarship	Sanggunian
mag-aaral sa High school	scholarship mula sa prepektura na tinatawag na todoufuken shougakukin	pinapasukang paaralan
mag-aaral sa junior college, special training school, at unibersidad	scholarship mula sa Japan Student Support Organization na tinatawag na nihon gakusei shien kikou shougakukin	sanggunian ng scholarships sa pinapasukang paaralan
estudyanteng dayuhan	galing sa Pamahalaan ng Japan na tinatawag na nihonseifu (monbukagakushou) shougakukin	embahado o unibersidad ng Japan
	Scholarships from JASSO	
	scholarship para sa mga studyanteng nag-aaral sa sariling pundar. Ito ay tinatawag na shihi gaikokujin ryuugakusei shougakukin	unibersidad ng Japan
	scholarship para sa mga studyanteng nag-aaral sa sariling pundar. Ito ay tinatawag na shihi gaikokujin ryuugakusei shougakukin (para sa mga estudyante ng paaralan ng wikang Hapon)	paaralan ng wikang Hapon
	scholarship para sa maikliang panahong mag-aaral sa Japan na tinatawag na tankikan ryuugaku suishin seido	unibersidad ng Japan
	scholarship mula sa samahan at asosasyon ng internasyonal na pakikipagpalitan o kokusaikouryuukai	mga asosasyon o sa paaralan
	scholarship mula sa mga pribadong grupo na kung tawagin ay minkan dantai shougakukin	mga pribadong grupo

Mula sa [Japan Foreign Student Scholarship Pamphlet], Japan Student Support Organization